BRAMPTON **Service and Information Update**

Mayo 17, 2023

# Victoria Day sa Lungsod ng Brampton

BRAMPTON, ON – Sa taon na ito, magaganap ang Victoria Day sa Lunes, Mayo 22.

**Essential at Napakahalagang mga Serbisyo**

Ang lahat ng essential at napakahalagang gma serbisyo, kabilang ang Fire and Emergency Services, Traffic Services, By-Law Enforcement, Road Operations, at Security Services ay patuloy na mag-o-operate gaya ng dati.

**Fireworks**

Pinapaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente na ipinagbabawal ang paggamit, pagbili, pag-discharge, pag-aari, pag-display, pagbebenta ng fireworks sa Brampton.

Una sa prayoridad ng Lungsod ang kaligtasan ng mga residente, at nilalayon ng Ordinansa sa Fireworks na mabawasan ang panganib na masaktan ang mga tao at mapinsala ang ari-arian.

Pwedeng tumawag ang mga residente sa 3-1-1, i-download ang 3-1-1 app, o bisitahin kami online sa www.brampton.ca upang isumbong ang paggamit o pagbebenta ng fireworks. Ang mga multa para sa pagkabigong sumusnod ay mula sa $500 hanggang $1,000, at maaaring umabot sa $100,000 kung maiisyu ang mga summon ng korte.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/fireworks

**Brampton Transit**

Tatakbo ang Brampton Transit sa iskedyul sa Linggo/Holiday sa Victoria Day. Sarado ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal. Maaaring mag-assist ang Contact Centre mula 9 am hanggang 6 pm. Ang Brampton Transit Clark at Sandalwood Facilities, kabilang ang Lost and Found, ay sarado sa Lunes Mayo 22.

Bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

**Brampton Recreation**

Ang mga Brampton Recreation Centre ay magiging bukas ayon sa ilalim ng binawasang iskedyul sa loob ng mahabang Weekend ng Victoria Day. Ang mga oras ng holiday ay maaaring tingnanble dito.

**Brampton Library**

Magsasara ang mga sangay ng Brampton Library sa Linggo, Mayo 21 at Lunes, Mayo 22 at muling magbubukas sa Martes, Mayo 23, 2023.

Sumali sa amin online sa www.bramptonlibrary.ca para makahiram ng e-books at audiobooks, mag-stream ng television at mga pelikula, mag-access sa malawak na hanay ng edukasyonal, creative, at propesyonal na digital learning platforms, at marami pa. Mag-register para sa birtwal, in-branch at drop-in na mga programa para sa lahat ng edad at interes sa pamamagitan ng ating kalendaryo ng mga event at mag-subscribe sa ating mga email update. Sundan kami sa Facebook, Twitter, Instagram, at LinkedIn, at tiyakin na i-download ang Brampton Library mobile app sa iOS at Google Play. Mag-click dito para sa mas maraming mga detalye tungkol sa ating app. Upang makipag-liive chat sa aming staff, o Magtanong, bisitahin ang aming website.

**Mga Serbisyo sa Hayop ng Brampton**
Ang Brampton Animal Shelter ay sarado sa Lunes, Mayo 22, at muling magbubukas sa Martes, Mayo 23.

Ang Animal Control ay nasa daan sa Lunes hanggang Biyernes mula 7 am hanggang 11 pm at sa Sabado at Linggo at mga holiday mula 8 am hanggang 6:30 pm. Sa labas ng mga oras na ito, tutugon lamang ang Animal Control sa mga emergency:

**Manatiling Konektado**

Ang mga residente ay pwedeng tumawag sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play), bisitahin ang www.311brampton.ca o mag-email sa 311@brampton.ca para sa anumang mga tanong. Available kami 24/7 para sa alinman sa mga usapin ng Lungsod ng Brampton o Rehiyon ng Peel.

**Mga Pagsasara**

Ang mga tanggapang administrabo ng City Hall at lahat ng Lungsod ng Brampton ay sarado sa Lunes, Mayo 22, muling magbubukas sa Martes, Mayo 23.

-30-

**MEDIA CONTACT**
City of Brampton Multicultural Media
multiculturalmedia@brampton.ca